



PSI Services LLC

<https://test-takers.psiexams.com/cadi>

CALIFORNIA DEPARTMENT OF INSURANCE

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE SA CALIFORNIA

MAHAHALAGANG PAALALA

Pagkuha ng tatak ng daliri

- Para sa mga examinee na kailangang mag-iskedyul ng mga appointment sa pagkuha ng tatak ng daliri, ang Departamento ng Hustisya (DOJ) ng California [Listahan ng Vendor ng Live Scan](#) ay nagbibigay ng impormasyon sa mga available na vendor ng tatak ng daliri.

Ang lokasyon ng Departamento ng Insurance ng California (CDI), Los Angeles ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pagkuha ng tatak ng daliri para sa mga examinee na nagsumite ng kanilang aplikasyon sa lisensya o na nagpaplano na magsumite ng kanilang aplikasyon sa lisensya sa araw na kumuha sila ng kanilang eksaminasyon sa lisensya sa insurance.

- **Form ng Kahilingan sa Serbisyo ng Live Scan** – kinakailangang basahin ng mga examinee para sa lisensya ang mga instruksiyon sa impresyon ng tatak ng daliri ng CDI, [LIC 442-39A](#), at dalhin ang Kahilingan ng CDI para sa form ng Serbisyo ng Live Scan, [bcia 8016](#), sa kanilang appointment sa pagkuha ng tatak ng daliri. Dapat kumpletuhin nila ang impormasyon ng aplikante sa [BCIA 8016](#) form para sa awtorisadong teknisyen ng tatak ng daliri ng DOJ na isumite ang kanilang mga fingerprint sa parehong DOJ at Pederal na Kawanihan ng Imbestigasyon (FBI).

Bago magbayad para sa
pagpaparehistro ng iyong
pagsusulit, tiyaking nauunawaan mo
ang mga nilalaman ng bulletin na
ito. Mangyaring panatilihin at
gamitin ito bilang isang sanggunian
kapag nakikipag-ugnayan sa PSI.

Talaan ng mga Nilalaman

Mga Eksaminasyon ng PSI Services LLC	3
Proseso ng Paglilisensya	3
Mga Kinakailangan sa Edukasyon Bago ang aglilisensya.....	4
Pag-iiskedyul at Pagpaparehistro ng Eksaminasyon.....	4
Pag-iiskedyul sa isang Sentro ng Pagsusulit.....	6
Pag-iiskedyul sa pamamagitan ng Malayuang Tagasubaybay.....	7
Pagkansela ng Appointment sa Eksaminasyon.....	9
Muling Pag-iiskedyul ng Eksaminasyon	9
Limitasyon sa Muling Pagkuha ng Nabigong Eksaminasyon.....	9
Napalampas na Appointment sa Eksaminasyon o Nahuling Pagkansela	10
Mga Kaayusan sa Espesyal na Eksaminasyon	10
Sarado ang Sentro ng Pagsusulit dahil sa isang Emerhensya	11
Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagsusulit ng PSI	11
Lokasyon ng Sentro ng Pagsusulit ng CDI.....	12
Pag-uulat sa Sentro ng Pagsusulit at Online na Malayuang Sinusubaybayang Eksaminasyon sa Lisensya	12
Kinakailangang Pagkakakilanlan.....	12
Pamantayang Pamamaraan sa Seguridad.....	13
Mga Karagdagang Pamamaraan sa Seguridad para sa Mga Sentro ng Pagsusulit ng PSI	14
Mga Karagdagang Pamamaraan sa Seguridad para sa Online na Malayuang Sinusubaybayang Eksaminasyon sa Lisensya.....	15
Mga Pang-eksperimentong Tanong	15
Pagkuha ng Eksaminasyon sa isang Sentro ng Pagsusulit.....	16
Screen ng Pagkakakilanlan	16
Pagsasanay.....	16
Screen ng Tanong sa Pagsusulit.....	16
Pag-uulat ng Marka	17
Paghahanda para sa Eksaminasyon sa Paglilisensya	17
Mga Suplay sa Eksaminasyon (Mga Site ng Pagsusulit Lamang).....	17
Mga Limitasyon sa Oras ng Eksaminasyon	17
Mga Edukasyonal na Layunin.	18
Pagrerepaso sa Eksaminasyon.....	18
Pagkuha ng tatak ng daliri	19
Pagkuha ng tatak ng daliri sa Site ng Pagsusulit ng CDI	20

Eksaminasyon ng PSI Services LLC

Ang Bulletin ng Impormasyon ng Kandidato (CIB) na ito ay nagbibigay ng impormasyon tungkol sa eksaminasyon at proseso ng paglilisensya para sa mga indibidwal na nais mag-aplay para sa isang lisensya sa insurance sa California, tulad ng tinukoy sa Code ng Insurance ng California. Nakipagkontrata ang CDI sa PSI Services LLC (PSI) upang magsagawa ng programa sa eksaminasyon ng lisensya. Nagbibigay ang PSI ng mga eksaminasyon sa pamamagitan ng network ng mga kompyuter sa sentro ng eksaminasyon sa California, kabilang ang sentro ng pagsusulit ng CDI sa Los Angeles. Nag-aalok din ang PSI ng mga online na malayuang sinusubaybayang eksaminasyon. Nakikipagtulungan ang PSI sa CDI upang matiyak na ang mga eksaminasyon ay nakakatugon sa mga pamantayan sa paglilisensya sa insurance ng estado at pambansang California.

Proseso ng Paglilisensya

Ang CDI ay awtorisadong magbigay ng lisensya sa mga indibidwal na nakakatugon sa mga kinakailangan upang maging ahente ng insurance, broker, tagapag-ayos, at/o ahente ng piyansa gaya ng tinukoy sa Code ng Insurance ng California.

Upang maisaalang-alang para sa isang lisensya sa insurance, ang isang examinee ay dapat:

1. Kumpletuhin ang anumang mga kinakailangan. sa edukasyon bago ang paglilisensya.
2. Pumasa sa eksaminasyon sa lisensya upang kumpirmahin na nakamit ng examinee ang hindi bababa sa minimum na antas ng kaalaman tungkol sa mga prinsipyo, mga kasanayan, mga batas, at mga regulasyon kaugnay ng propesyon ng insurance at ang mga serbisyong ipagbibili o ipapakita ng examinee sa mga kustomer.
3. Magsumite ng mga tatak ng daliri sa isang vendor ng live scan.
4. Magsumite ng nakumpletong aplikasyon ng lisensya sa CDI.

Alinsunod sa Code ng Insurance ng California (Cal. Ins. Code) section 1676(a), ang mga eksaminasyon ay balido sa loob ng isang taon mula sa petsa na naipasa ang eksaminasyon.

Ang lahat ng tanong tungkol sa paglilisensya sa insurance ay dapat idirekta sa:

Departamento ng Insurance ng California

Prodyuser ng Paglilisensya Kawanihan

300 Capitol Mall, 16th Floor

Sacramento, CA 95814

Hotline sa Paglilisensya: (800) 967-9331

Email: <https://interactive.web.insurance.ca.gov/pli/servlet/InformationRequest>

CHAT Online: <http://www.insurance.ca.gov/0200-industry/0020-apply-license/>

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

Mga Kinakailangan sa Edukasyon Bago ang aglilisensya

Ang unang hakbang ay kumpletuhin ang anumang kinakailangang edukasyon bago ang paglilisensya na aprubado ng CDI. Cal. Ins. Inilista ng Code section 1749 ang edukasyon bago ang paglilisensya na kinakailangan para sa mga bagong aplikante. Bagama't hindi kinakailangan na kumpletuhin ang mga kurso bago ang paglilisensya bago kumuha ng eksaminasyon, inirerekomenda na kumpletuhin ang kurso dahil nagbibigay ito ng mga materyales sa pag-aaral para sa eksaminasyon sa lisensya.

Tandaan: Ang mga kinakailangang kurso bago ang paglilisensya ay dapat makumpleto bago maibigay ang lisensya ng examinee.

Ang mga kinakailangan sa edukasyon bago ang paglilisensya ay nagsisiguro na ang mga examinee sa lisensya ay nakakatugon sa antas ng kakayahan sa mga produkto, code ng etika, at batas na sapat upang payagan ang bagong lisensyadong ahente o broker na gumana bilang isang propesyonal sa insurance at para sa mga lisensyadong taga-ayos o ahente ng piyansa upang mapanatili ang pinakamataas na pamantayan ng proteksiyon ng kustomer.


Maaaring kumpletuhin ng examinee ng lisensya ang alinman sa online o isang kurso bago ang paglilisensya sa silid-aralan upang matugunan ang mga kinakailangan na nakasaad sa Cal. Ins. Code section 1749

Bagama't hindi makapagrekomenda ang CDI ng isang partikular na tagapagbigay bago ang paglilisensya, ang isang listahan ng mga naaprubahang tagapagbigay bago ang paglilisensya ay makikita sa link na ito kasama ng iba pang mga kinakailangan bago ang paglilisensya: <http://www.insurance.ca.gov/0200-industry/0030-see-pre-lic>

Pag-iiskedyul at Pagpaparehistro ng Eksaminasyon

1. Pumunta sa: <https://test-takers.psiexams.com/cadi>
2. Piliin ang **TESTS** upang gumawa ng account.

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA



3. Piliin ang eksaminasyon at ikaw ay handa nang gumawa ng account. Piliin ang **LOGIN/REGISTER**.

To continue the booking process and schedule your test, you must login or create an account.


LOGIN/REGISTER

4. Sasabihan kang **GUMAWA NG ACCOUNT** gamit ang PSI.
Ang pangalan at apelyido ay dapat na eksaktong tumutugma sa iyong kasalukuyan, balido, at ibinigay ng gobyerno na ID.

ID *	
First Name *	Last Name *
Middle Name	Generation
Email *	
Password *	Your password must contain: <ul style="list-style-type: none">• At least one capital letter A-Z• At least one lower case letter a-z• At least one number 0-9• At least one special character !@#V\$%^&V*• At least 8 and up to 32 characters
Confirm Password *	

5. Piliin ang format ng iyong pagsusulit: Sentro ng Pagsusulit o Malayuang Sinusubaybayan.

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA



Pag-iiskedyul sa isang Sentro ng Pagsusulit

1. Ilagay ang “Lungsod o Postal Code” at piliin ang **HANAPIN**.

The image shows a search form titled 'Search Test Center Location'. It contains a text input field with the placeholder text 'City, province, or postal code' and a 'Radius' dropdown menu currently set to '5'.



2. Pumili ng petsa at oras upang mag-book ng appointment.

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

Choose a Date and Time

October 2021

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

Available Selected

Time slots available for
October 08, 2021

08:00 AM

01:30 PM

3. Handa ka nang magbayad.

Payment

Billing Address

Address 1 *

Address 2

Address 3

City *

Order Summary

Commercial Examiner Practice Test
Mechanical Bus and Law \$100.00 USD

Total Price

CONTINUE

4. Kapag nagawa na ang pagbabayad, makakatanggap ka ng mensaheng nagkukumpirma sa sentro ng pagsusulit, petsa ng pag-book, at oras ng pag-book.

Booking Confirmed!! [Print Confirmation](#)

Email Address: asingla81@psionline.com Home Phone: 111224444 Office Phone: 2221112345

Pag-iiskedyul sa pamamagitan ng Malayuang Tagasubaybay

1. Pumili ng petsa at oras upang mag-book ng appointment.

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

Choose a Date and Time

October 2021

Sun	Mon	Tue	Wed	Thu	Fri	Sat
					1	2
3	4	5	6	7	8	9
10	11	12	13	14	15	16
17	18	19	20	21	22	23
24	25	26	27	28	29	30
31						

○ Available ● Selected

Time slots available for
October 08, 2021

- 08:00 AM
- 01:30 PM

2. Handa ka nang magbayad.

Payment

Billing Address

Address 1 *

Address 2

Address 3

City *

Order Summary

Commercial Contractor Practice Test
Mechanical Box and Lev \$100.00 USD

Total Price

CONTINUE

3. Kapag nagawa na ang pagbabayad, makakatanggap ka ng mensaheng nagkukumpirma sa petsa ng pag-book at oras ng pag-book. Mangyaring repasuhin ang pag-book bago piliin ang **CONFIRM**.

Review Booking:

Email Address: asingla81@psonline.com Home Phone: 111224444 Office Phone: 2221112345

📅 Wednesday, October 06, 2021

🕒 5:30 PM Pacific Time


Before taking your remote online proctored exam, please check system compatibility - click [HERE](#)

By continuing, you agree to The Company's [Conditions of Use And Privacy Notice](#).

CONFIRM

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

4. Ipapakita na ang iyong pag-book sa iyong account. Magagawa mong ILUNSAD ang iyong eksaminasyon sa loob ng 30 minuto ng iyong nai-book na oras ng pagsusulit.



Tandaan: Sa pamamagitan ng hindi pagsisimula ng iyong eksaminasyon sa loob ng 15 minuto pagkatapos ng oras na iyong nai-book, mawawala ang iyong bayad sa eksaminasyon o pagiging kuwalipikado sa eksaminasyon. Ang bayad ay hindi maibabalik. Kung mayroon kang anumang mga tanong tungkol sa inyong pagiging tugma o kung nakakaranas ka ng mga isyu sa paglulunsad ng inyong eksaminasyon, maaari kang makipag-ugnayan sa pangkat ng teknikal na suporta ng PSI sa (844) 267-1017.

Pagkansela ng Appointment sa Eksaminasyon

Maaari mong kanselahin at muling iiskedyul ang isang appointment sa eksaminasyon nang hindi nawawala ang iyong bayad kung ang **iyong abiso sa pagkansela ay natanggap nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang nakatakdang eksaminasyon.** Maaari kang tumawag sa PSI sa (833) 518-7456 o gamitin ang website ng PSI sa <https://test-takers.psiexams.com/cadi>.

Tandaan: Ang isang voicemail o email na mensahe ay HINDI katanggap-tanggap na paraan ng pagkansela. Mangyaring gamitin ang website ng PSI o tawagan ang PSI upang makipag-usap sa isang Kinatawan ng Serbisyo sa Kustomer.

Muling Pag-iskedyul ng Eksaminasyon

Upang muling kumuha ng pagsusulit, dapat kang muling magparehistro kasunod ng mga hakbang para sa pagpaparehistro at pag-iiskedyul tulad ng nakabalangkas kanina. Maaari ka ring magparehistro muli sa internet, telepono, o sa pamamagitan ng koreo.

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

Limitasyon sa Muling Pagkuha ng Nabigong Eksaminasyon:

Cal. Ins. Ang Code section 1682 ay nagsasaad, sa bahagi, na ang sinumang examinee ng lisensya sa insurance na bumagsak sa eksaminasyon nang 10 beses ay pinagbabawalan na kumuha ng eksaminasyon sa lisensya na iyon para sa panahon ng 12 buwan mula sa petsa ng huling nabigong eksaminasyon.

Ang pagkalkula para sa pagtukoy ng bilang ng mga eksaminasyon na kinuha ay batay sa uri ng eksaminasyon. Halimbawa, ang isang examinee na nasa proseso ng pagkuha ng parehong eksaminasyon sa buhay at ang personal na linya na eksaminasyon ay hindi pagsasamahin ang mga eksaminasyon (hal., ang bilang para sa eksaminasyon na ito ay magiging limang beses para sa eksaminasyon sa buhay at apat na beses para sa personal na linya ng eksaminasyon sa parehong panahon ng 12 buwan. Sa halimbawang ito, ang examinee ay hindi mabibilang na kumukuha ng siyam na eksaminasyon tungo sa limitasyon ng sampung eksaminasyon).

Gayunpaman, ang mga kombinasyon ng eksaminasyon na kinabibilangan ng isa sa mga uri ng lisensya ng isang eksaminasyon na kinuha sa parehong panahon ng 12 buwan ay itinuturing na parehong uri ng eksaminasyon kapag tinutukoy ang bilang ng mga eksaminasyon na kinuha. Halimbawa, ang isang examinee na kumukuha ng eksaminasyon sa buhay nang walong beses at isang kumbinasyon ng eksaminasyon sa buhay at aksidente/kalusugan o pagkakasakit dalawang beses sa parehong panahon ng 12 buwan ay umabot sa limitasyon ng sampung eksaminasyon para sa pagkuha ng alinman sa mga eksaminasyon sa ahente ng buhay ng CDI, kabilang ang buhay-limitado sa pagbabayad sa mga gastusin sa lamay at pagpapalibing. Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring repasuhin ang Abiso ng CDI sa "[Mga Limitasyon sa Batas sa Pagkuha ng mga Eksaminasyon Lisensya sa Insurance.](#)"

Napalampas na Appointment sa Eksaminasyon o Nahuling Pagkansela

Kung ang isang examinee ay nahuli at/o nakaligtaan ang isang nakaiskedyul na eksaminasyon o nagbigay ng nahuling pagkansela, ang pagpaparehistro ng examinee ay magiging walang bisa. Ang examinee ay **hindi** maaaring kumuha ng eksaminasyon gaya ng nakaiskedyul at **mawawala** ang bayad sa eksaminasyon. Upang matiyak na walang mga isyu sa muling pag-iskedyul ng eksaminasyon sa lisensya, ang examinee ay dapat na:

- Kanselahin ang nakaiskedyul na eksaminasyon nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang nakatakdang petsa ng eksaminasyon

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

- Pumasok sa oras para sa nakaiskedyul na eksaminasyon
- Bigyan ang tagasubaybay ng tamang pagkakakilanlan kapag pumasok ang examinee upang kumuha ng eksaminasyon

Mga Kaayusan sa Espesyal a Eksaminasyon

Ang lahat ng sentro ng pagsusulit ng PSI at ang sentro ng pagsusulit ng CDI Los Angeles ay inihanda upang magbigay ng access sa eksaminasyon sa lisensya alinsunod sa Batas sa mga Amerikano na may Kapansanan (ADA) ng 1990, at ang mga makatuwirang akomodasyon sa eksaminasyon ay gagawin sa pagtugon sa mga pangangailangan ng isang examinee.

Ang mga aplikante na may kapansanan o kung hindi man ay mga nahihirapan sa pagkuha ng eksaminasyon ay dapat humiling ng mga alternatibong kaayusan sa pamamagitan ng [pagsusumite ng isang kahilingan sa akomodasyon ng pagsusulit](#).

Ang mga aplikante ay kinakailangang magsumite ng dokumentasyon mula sa medikal na awtoridad o institusyon ng pag-aaral na nagbibigay ng diagnosis. Ang pagpapatunay ay dapat na mai-upload sa PSI sa letterhead stationery ng awtoridad o espesyalista at isama ang lahat ng sumusunod:

- Inirerekomendang akomodasyon/pagbabago at kung gaano katagal ang pangangailangan para sa isang akomodasyon na magtatagal
- Pangalan, titulo, at numero ng telepono ng medikal na awtoridad o espesyalista
- Orihinal na lagda ng medikal na awtoridad o espesyalista

Sarado ang Sentro ng Pagsusulit dahil sa isang Emerhensya

Kung sakaling magkaroon ng masamang panahon o ibang emerhensya na magpupuwersa sa pagsasara ng isang sentro ng pagsusulit sa isang nakaiskedyul na petsa ng eksaminasyon, ang eksaminasyon ay muling iiskedyul. Susubukan ng mga tauhan ng PSI na makipag-ugnayan sa examinee sa sitwasyong ito. Gayunpaman, maaaring suriin ng examinee ang katayuan ng nakaiskedyul na eksaminasyon sa pamamagitan ng pagtawag sa (833) 518-7456. Ang bawat pagsusumikap ay gagawin upang muling iiskedyul ang eksaminasyon sa kombinyenteng oras at sa lalong madaling panahon. Maaari ring tingnan ng mga examinee ang website ng PSI sa <https://test-takers.psiexams.com/cadi>.

Mga Lokasyon ng Sentro ng Pagsusulit ng PSI

- Agoura Hills: 30851 Agoura Road, Ste. 302 Agoura Hills, CA 91301

**BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO
PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA**

- Atascadero: 7305 Morro Road, Ste. 201A Atascadero, CA 93422
- Bakersfield: 5405 Stockdale Highway, Ste. 206, Bakersfield, CA 93309
- Carson: 17420 S. Avalon Boulevard, Ste. 205, Carson, CA 90746
- Diamond Bar: 21660 East Copley Drive, Ste. 215 Diamond Bar, CA 91765
- El Monte: Santa Fe Springs: 10330 Pioneer Boulevard, Ste. 285 Santa Fe Springs, CA 90670
- Fresno: 351 E. Barstow, Ste. 101, Fresno, CA 93710
- Lawndale: The Baytower Corporate Center, Ste. 330 15901 Hawthorne Blvd. Lawndale, CA 90260
- Irvine: 8 Corporate Park, Suite 200, 2301 W. Lincoln Avenue, Ste. 252 Irvine, CA 92606
- Redding: 2861 Churn Creek, Unit C, Redding, CA 96002
- Riverside: 7888 Mission Grove Parkway S., Ste. 130 Riverside, CA 92508
- Sacramento: 8950 Cal Center Drive, Ste. 158, Sacramento, CA 95826
- San Diego: 5440 Morehouse Drive, Ste. 2300 San Diego, CA 92121
- Santa Clara: 2936 Scott Boulevard, Santa Clara, CA 95054
- Santa Rosa: 160 Wikiup Drive, Ste. 105 Santa Rosa, CA 95403
- San Francisco: 150 Executive Park Boulevard, Ste. 2400 San Francisco, CA 94134
- Union City: 32960 Alvarado-Niles Road, Ste. 650 Union City, CA 94587
- Ventura: 4245 Market Street, Ste. 208, Ventura, CA 93003
- Visalia: 3400 W Mineral King Avenue, Ste. D, Visalia, CA 93291
- Walnut Creek: 175 Lennon Lane, Ste. 203 Walnut Creek, CA 94598

Maaari ka ring kumuha ng eksaminasyon sa alinman sa iba pang mga sentro ng pagsusulit ng PSI sa labas ng California.

Tandaan: Ang PSI ay naniningil ng convenience fee na \$43.

Lokasyon ng Sentro ng Pagsusulit ng CDI

Ang convenience fee ng PSI ay hindi sinisingil sa site na ito.

Los Angeles: Ronald Reagan Building – 300 South Spring Street, First Floor, North Tower, Ste. 1000, Los Angeles, CA 90013

Paradahan: Kung pipiliin mong magmaneho papunta sa sentro ng pagsusulit, may ilang pampublikong garahe ng paradahan sa malapit. Mag-iiba-iba ang mga presyo at maaaring gusto mong makipag-ugnayan sa mga garahe ng paradahan bago ka dumating.

- Broadway Spring Center: 213-626-2099

**BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO
PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA**

- Paragon Parking: 213-689-4818
- Joe's Auto Park: 213-629-3263
- Central Parking: 213-623-8518

Pag-uulat sa Sentro ng Pagsusulit at Online na Malayuang Sinusubaybayang Eksaminasyon sa Lisensya

Sa araw ng eksaminasyon, **dapat dumating ka nang hindi bababa sa 30 minuto bago ang nakaiskedyul na oras ng iyong eksaminasyon.** Nagbibigay ito ng oras para sa pagpasok, pagpapatunay ng pagkakakilanlan, at nagbibigay ng oras upang maging pamilyar sa proseso ng eksaminasyon.

Kung nahuli kang dumating, hindi ka papapasukin sa sentro ng pagsusulit at mawawala ang iyong ibinayad sa pagpaparehistro sa eksaminasyon. Kahit na may tatak ng hinlalaki ang mga examinee, kailangan mo pa ring sumunod sa anumang mga kinakailangan sa pagkakakilanlan na itinatag ng naaangkop na entidad ng regulasyon.

Kinakailangang Pagkakakilanlan sa Sentro ng Pagsusulit at para sa Online na Malayuang Sinusubaybayang Eksaminasyon sa Lisensya

Dapat kang magbigay ng isang form ng pagkakakilanlan (ID). Ang ID ay dapat na isang balidong form ng ID na ibinigay ng pamahalaan na may larawan at lagda. Dapat tumugma ang ibinigay na ID sa pangalang ibinigay sa panahon ng pagpaparehistro at hindi dapat nag-expire.

Mga Uri ng ID na Kinakailangan sa Sentro ng Pagsusulit:

Balidong Lisensya sa Pagmamaneho (mula sa anumang estado)

Kard ng ID ng California

Pasaporte o Kard ng Pasaporte

ID sa Militar

Awtorisasyon sa Trabaho

Permanenteng Kard ng Pagiging Residente

Kard ng Pagkakakilanlan sa Kalusugan ng Beterano na may litrato

Mga uri ng ID na kinakailangan sa Online na Malayuang Sinusubaybayang Eksaminasyon sa Lisensya:

Balidong Lisensya sa Pagmamaneho (mula sa anumang estado)

Kard ng ID ng California

Pasaporte o Kard ng Pasaporte

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

Awtorisasyon sa Trabaho

Permanenteng Kard ng Pagiging Residente

Tandaan: Ang kard ng ID mula sa ibang estado AY HINDI tinatanggap. Pinapayagan ng California na magdala ang mga examinee ng kanilang nag-expire na ID ng California kasama ang papel ng ekstensiyon. Ang mga pangalan at numero ng lisensya ay dapat tumugma kapwa sa nag-expire na ID at sa papel ng ekstensiyon. Ang pangalan sa pagpaparehistro ng examinee ay dapat tumugma sa pangalan sa ID

Kung hindi mo maibibigay ang kinakailangang ID, kailangan mong tawagan ang (833) 518-7456 **nang hindi bababa sa tatlong linggo bago ang iyong nakaiskedyul na eksaminasyon** upang maisaayos ang pinakamahasag na paraan upang matugunan ang pangangailangang ito sa seguridad. Ang pagkabigo sa pagbigay ng kinakailangang ID sa oras ng eksaminasyon nang hindi inaabisuhan ang PSI ay itinuturing na isang napalampas na eksaminasyon, at hindi makakakuha ng eksaminasyon ang examinee sa araw na iyon.

Pamantayang Pamamaraan sa Seguridad

Ang mga sumusunod na pamamaraan sa seguridad ay ilalapat sa panahon ng eksaminasyon:

- Walang pinapayagang pag-uusap o anumang paraan ng pakikipag-ugnayan sa sinuman maliban sa sumusubaybay ng eksaminasyon kapag nagsimula na ang eksaminasyon.
- Maliban sa mga kasuotang pang-relihiyon, ang mga takip sa ulo, sombrero, baseball cap, visor, mga coat, shawl, mga damit na may hood, mabigat na jaket, at overcoat ay hindi pinapayagan sa sentro ng pagsusulit.
- Ang mga kandidato ay maaaring magsuot ng mga damit na may layer. Kasama sa mga tinatanggap na may layer na damit ang magaan na kamiseta, sweater, sweatshirt, at pullover na WALANG bulsa o hood. Ang mga item na ito ay dapat isuot sa pagpasok at sa paunang upuan para sa eksaminasyon. Kung ang may layer na bagay ay aalisin sa panahon ng eksaminasyon, ang kandidato ay kakailanganing itabi ito sa lobby habang patuloy ang oras ng eksaminasyon.
- Walang mga personal na item ang papasok sa mga site ng pagsusulit. Ang PSI at CDI ay hindi mananagot para sa anumang mga personal na item, at iminumungkahi na iwanan mo ang mga naturang bagay sa ibang ligtas na lugar na pinili mo.
- Ang mga selpon, calculator, pager, kamera, smart watch, relo, ear buds,

**BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO
PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA**

kagamitan sa pagrerekord, at elektronikong kagamitan ng anumang uri ay HINDI pinapayagan sa silid ng eksaminasyon.

- Ang imbakan na ibinigay sa sentro ng pagsusulit ay magiging epektibo sa pagprotekta sa mga naturang item. Kung mag-iiwan ka ng anumang mga item sa sentro ng pagsusulit pagkatapos ng iyong eksaminasyon at hindi kukunin ang mga ito sa loob ng 30 araw, itatapon o ido-donate ang mga ito sa sariling pagpapasya ng PSI.
- Walang anumang uri ng armas ang pinapayagan sa silid ng pagsusulit, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga baril, kutsilyo, pamalo, brass knuckle, o matutulis na bagay.
- Bawal ang paninigarilyo, pagkain, pagnguya ng gum, o pag-inom sa mga sentro ng pagsusulit o sa panahon ng online na pagsubaybay sa eksaminasyon.
- Ang mga diksyunaryo, aklat, papel, o materyal sa pag-aaral at reperensya ay hindi pinahihintulutan sa silid ng eksaminasyon o sa silid kung saan ka kumukuha ng online na malayuangng sinusubaybayang eksaminasyon sa lisensya.
- Ang mga examinee ay hindi maaaring lumabas ng gusali o umalis sa lugar ng eksaminasyon sa panahon ng eksaminasyon.
- Ang pagkopya o pakikipag-ugnayan sa nilalaman ng eksaminasyon ay isang paglabag sa patakaran sa seguridad ng PSI at Cal. Ins. Code section 1681.5. Alinman sa isa ay maaaring magresulta sa diskuwalipikasyon ng mga resulta ng eksaminasyon at maaaring humantong sa legal na aksiyon at/o pag-uusig.

Mga karagdagang pamamaraan sa seguridad para sa mga sentro ng pagsusulit ng PSI:

- Ang mga examinee ay kukunan ng kanilang larawan bago ang pagpasok sa eksaminasyon.
- Ang mga examinee ay hindi maaaring magdala ng purse, backpack, pitaka, o iba pang katulad na mga item sa silid ng eksaminasyon.
- Hihilingin sa mga examinee na ilagay ang lahat ng personal na item sa kanilang sasakyan o locker, kung available, sa lokasyon ng site. Hindi maaaring magsuot ng relo ang mga examinee sa silid ng eksaminasyon.
- Hihilingin sa mga examinee na alisin ang laman ng kanilang mga bulsa at isumite ang lahat ng materyales sa pagkuha ng pagsusulit sa tagasubaybay sa pagtatapos ng eksaminasyon.

Karagdagang mga pamamaraan ng seguridad para sa online na malayuang sinusubaybayang eksaminasyon sa lisensya:

- Ang lahat ng personal na item ay dapat alisin sa lugar ng trabaho.

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

- Ang mga elektronikong, selpon, smart watch, relo, earbuds, o earphones ay hindi pinapayagan sa o sa nakikita ng examinee sa panahon ng eksaminasyon.
- Ang mga sombrero, cap, hood, sunglass, o anumang bagay na maaaring ilagay sa ulo o mukha ay hindi pinapayagan.
- Ang mga tao maliban sa examinee ay hindi pinapayagan sa parehong lugar/silid kung saan ginaganap ang eksaminasyon. Dapat tiyakin ng mga examinee na sila ay nasa pribadong lugar at hindi maaabala. Kung ang ibang tao ay pumasok sa parehong lugar/silid kung saan nagaganap ang eksaminasyon, maaaring wakasan ang eksaminasyon at ang usapin ay iimbestigahan.
- Hindi pinapayagan ang pagkain, inumin, at pahinga.
- Ang mga examinee ay hindi pinapayagan na magkaroon ng scratch na papel, maliban kung ang examinee ay binigyan ng malinaw na pahintulot mula sa malayuang tagasubaybay.
- Ang mga examinee ay hindi pinapayagang umalis sa istasyon sa panahon ng eksaminasyon.
- Dapat gamitin ng mga examinee ang banyo bago magsimula ang eksaminasyon at tiyaking naka-charge ang kanilang kompyuter o available na ang charger at nakasaksak na.
- Dapat gawin ng mga examinee ang kanilang makakaya upang maiwasan ang pagtakip ng kanilang bibig sa panahon ng eksaminasyon. Ang mga examinee ay dapat magkaroon ng kamalayan na ang pakikipag-usap/pagbulong/pagbibig ay hindi pinapayagan sa panahon ng eksaminasyon.
- Dapat panatilihin ng mga examinee ang kanilang mga kamay sa o sa itaas ng desktop sa panahon ng eksaminasyon. Ang mga mata ay dapat panatilihin nakatingin sa harap o sa monitor sa panahon ng eksaminasyon.
- Sa anumang pagkakataon, hindi pinapayagan ang mga examinee na kumuha ng isang screenshot o larawan ng eksaminasyon o mga resulta ng eksaminasyon anumang oras sa panahon o pagkatapos ng sesyon.
- Ang mga resulta ng eksaminasyon ay mai-email sa loob ng 24 na oras pagkatapos makumpleto ang isang eksaminasyon.
- Walang komunikasyon ng anumang uri, maliban sa tagasubaybay, ang pinapayagan sa panahon ng eksaminasyon.
- Ang lahat ng window at PDF ay dapat na alisin mula sa kompyuter bago kumuha ng eksaminasyon.

Habang nasa isang sentro ng pagsusulit o sa panahon ng pangangasiwa ng isang malayuang sinusubaybayang eksaminasyon sa lisensya, ang mga examinee ay itinuturing na isang propesyonal at dapat tratuhin bilang gayon. Kaugnay nito, ang mga

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

examinee ay dapatkumilos sa isang propesyonal na paraan sa lahat ng oras. Habang nasa site o sa panahon ng pangangasiwa ng isang malayuang eksaminasyon, ang mga examinee ay hindi dapat gumamit ng mga salita o gumawa ng mga aksiyon na bulgar, malaswa, at mapanirang-puri o na maninira sa kawani ng eksaminasyon o iba pang mga examinee. Ang pagkabigong kumilos bilang isang propesyonal ay magreresulta sa kanilang agarang pagkatanggal at/o pagka-block mula sa sentro ng pagsusulit at ang mga examinee ay kakailanganing mag-iskedyul muli ng isa pang eksaminasyon at magbigay ng bayad para sa muling pag-iskedyul.

Ang paglabag sa alinman sa mga panuntunang ito ay magreresulta sa isang babala at/o maaaring magresulta sa pagwawakas ng eksaminasyon at karagdagan ng mga aksiyong pandisiplina ng CDI.

Mga Pang-eksperimentong Tanong

Bilang karagdagan sa bilang ng mga item sa eksaminasyon na tinukoy, isang maliit na bilang na lima hanggang sampung “pang-eksperimentong” tanong ay maaaring ibigay sa mga examinee sa panahon ng eksaminasyon. Ang mga tanong na ito ay hindi bibigyan ng marka at ang oras upang sagutin ang mga ito ay idinagdag sa oras na pinapayagan. Ang pangangasiwa ng gayong mga walang markang pang-eksperimentong tanong ay isang mahalagang hakbang sa pagbuo ng mga eksaminasyon sa paglilisensya sa hinaharap.

Pagkuha ng Eksaminasyon sa isang Sentro ng Pagsusulit

Ang eksaminasyon ay pangangasiwaan sa pamamagitan ng kompyuter. Ang mga examinee ay gagamit ng mouse at keyboard ng kompyuter.

Screen ng Pagkakakilanlan

Idirekta ang mga examinee sa isang semi-pribadong istasyon ng pagsusulit upang kumuha ng eksaminasyon. Kapag nakaupo na ang mga Examinee sa istasyon ng pagsusulit, sasabihan sila na kumpirmahin ang kanilang pangalan, numero ng pagkakakilanlan, at ang eksaminasyon kung saan sila nakarehistro.

Pagsasanay

Bago simulan ng examinee ang eksaminasyon, may ibinibigay na panimulang pagsasanay sa screen ng kompyuter. Ang oras na ginugugol nila sa pagsasanay na ito, hanggang 15 minuto, ay HINDI binibilang bilang bahagi ng oras ng eksaminasyon. Ang mga halimbawang tanong ay kasama kasunod ng pagsasanay

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

upang ang examinee ay maaaring magsanay sa pagsagot sa mga tanong at pagrepaso sa mga sagot.

Screen ng Tanong sa Pagsusulit

Ang “function bar” sa itaas ng halimbawang tanong ay nagbibigay ng mouse-click na pag-access sa mga feature na available habang kumukuha ng eksaminasyon.



BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

Pag-uulat ng Marka

Ang markang “pasado” o “nabigo” ng examinee ay ipapakita sa screen sa pagtatapos ng eksaminasyon at isang ulat ng marka ang ipapadala sa email ng examinee. Kung nabigo ang examinee, isasama sa email na ulat ng marka ang diagnostic na ulat na nagsasaad kung gaano karaming mga tanong ang nasagot nang tama.

Pakitandaan na dapat piliin ng examinee na tapusin ang parehong bahagi ng eksaminasyon at ang surbey na bahagi ng pagsusulit upang matanggap ang mga resulta sa screen at nai-email na ulat ng marka.

Kung hindi nakatanggap ang examinee ng nai-email na ulat ng marka o gusto ng kopya ng ulat ng marka, kakailanganin nilang makipag-ugnayan sa PSI sa scorereport@psionline.com upang matanggap ang ulat ng marka. Kakailanganin ng examinee na isama ang kanilang pangalan, numero ng ID ng examinee, at numero ng kumpirmasyon. Nasa email ng kumpirmasyon ng eksaminasyon ang numero ng ID at numero ng kumpirmasyon ng examinee. Ang mga examinee ay dapat maglaan ng hanggang 72 oras upang matanggap ang kopya ng ulat ng marka.

Paghahanda para sa Eksaminasyon sa Paglilisensya

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makakatulong sa isang examinee na maghanda para sa kanilang eksaminasyon:

- Repasuhin ang kasalukuyang kopya ng Bulletin ng Impormasyon ng Kandidato na ito.
- Unawain ang proseso at mga pamamaraan ng eksaminasyon sa CDI upang malaman kung ano ang aasahan sa araw ng eksaminasyon.
- Dumating sa sentro ng pagsusulit sa oras.
- Makipag-ugnayan sa PSI kung may pangangailangan para sa isang espesyal na akomodasyon.
- Unawain ang mga opsiyon para sa pagkumpleto ng kinakailangan sa tatak ng daliri

Mga Suplay sa Eksaminasyon (Mga Site ng Pagsusulit Lamang)

Available ang lapis at scratch na papel sa bawat terminal ng kompyuter ng eksaminasyon para sa mga eksaminasyon sa sentro ng pagsusulit, at kailangang isumite sa tagasubaybay sa pagtatapos ng eksaminasyon.

**BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO
PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA**

Mga Limitasyon sa Oras ng Eksaminasyon

Ang sumusunod na tsart ay nagpapahiwatig ng uri ng eksaminasyon at ang bilang ng minutong inilaan sa eksaminasyon:

Uri ng Eksaminasyon	Oras	Bil. ng mga Tanong
Aksidente at Kalusugan o Pagkakasakit	105	75
Piyansa	120	75
Casualty	98	75
Insurance para sa Komersyo	98	60
Tagaayos ng Insurance	158	100
Analista ng Buhay at Kapansanan	210	125
Buhay na Limitado sa Pagbabayad ng Gastos sa Lamay at Pagpapalibing	135	90
Buhay, Aksidente at Kalusugan o Pagkakasakit	195	150
Buhay	105	75
Limitadong mga Linya ng Sasakyan	105	60
Mga Personal na Linya	135	90
Ari-arian at Casualty	195	150
Ari-arian	98	75
Pampublikong Taga-ayos	165	100

Ang lahat ng eksaminasyon ay nangangailangan ng 60 porsiyento na marka upang makapasa, maliban sa mga eksaminasyon sa Analista sa Buhay at Kapansanan, Tagaayos at Piyansa. Ang mga eksaminasyon sa Analista sa Buhay at Kapansanan, Tagaayos at Piyansa ay nangangailangan ng pasadong marka na 70 porsiyento.

Edukasyunal na mga Layunin

Tiyaking repasuhin ang pinakabagong edukasyunal na mga layunin o materyal sa pag-aaral na ibinigay sa bulletin na ito. Kapag nirerepaso ang materyal ng kurso bago ang paglilisensya, repasuhin din ang mga aklat-aralin na tinukoy ng tagapagbigay ng edukasyon bilang reperensya upang bumuo ng kurso bago ang paglilisensya. Maaaring ilista ng mga tagapagbigay ng edukasyon ang kanilang mga reperensya pati na rin ang iba pang mga kapaki-pakinabang na reperensya sa dulo ng aklat-aralin.

Ang edukasyunal na mga layunin at mga materyales sa pag-aaral ang batayan

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

para sa mga eksaminasyon, na pana-panahong ina-update. Maaari mong i-download ang edukasyunal na mga layunin at mga materyales sa pag-aaral sa sumusunod na link: <http://www.insurance.ca.gov/0200-industry/0030-see-pre-lic/>

Pagrerepaso sa Eksaminasyon

Patuloy na susuriin ng PSI, sa pakikipagtulungan sa CDI, ang mga eksaminasyon na pinangangasiwaan upang matiyak na ang mga eksaminasyon ay tumpak na sumusukat sa kakayahan sa mga kinakailangang lugar ng kaalaman. Habang kumukuha ng eksaminasyon, magkakaroon ng pagkakataon ang mga examinee na magbigay ng mga komento sa anumang mga tanong sa pamamagitan ng pag-click sa link na “Mga Komento” sa function bar ng screen ng tanong sa pagsusulit. Ang mga komentong ito ay pag-aaralan ng mga kawani sa pagpapaunlad ng eksaminasyon ng PSI. Hindi tumutugon ang PSI sa mga indibidwal tungkol sa mga komentong ito; gayunpaman, lahat ng mahahalagang komento ay nirerepaso.

Pagkuha ng tatak ng daliri

Dapat isumite ng mga examinee ang kanilang mga tatak ng daliri bago kumpletuhin ang aplikasyon ng lisensya sa insurance o maaaring kailanganin nilang isumiteng muli ang kanilang mga tatak ng daliri sa CDI. Kapag ginawa ng mga examinee ang kanilang mga impresyon sa tatak ng daliri, dadalhin nila ang isang nakumpletong form ng Kahilingan sa Live Scan, [bcia 8016](#).

Ang website ng DOJ ay nagpapanatili ng isang listahan ng mga aprubadong vendor ng [Live Scan na pagkuha ng tatak ng daliri](#) na available sa publiko. Ang listahan ng DOJ ay pinaghiwa-hiwalay ayon sa county at ang mga rolling fee ng bawat vendor ay nag-iiba mula sa lokasyon patungo sa lokasyon. Hinihikayat ang mga examinee na makipag-ugnayan nang maaga sa tagapagbigay ng Live Scan upang mapatunayan ang kanilang kasalukuyang mga oras ng operasyon, bayad, atbp. Ang listahang ito ay available sa sumusunod na website:

<https://oag.ca.gov/fingerprints/locations>

Upang matiyak na ang mga impresyon ng tatak ng daliri ng examinee ay maayos na narekord kapag ang mga impresyon ng tatak ng daliri ay nakumpleto sa isa pang lokasyon ng vendor ng tatak ng daliri, dapat sundin ng mga examinee ang mga instruksiyon sa mga instruksiyon ng mga impresyon ng tatak ng daliri [LIC 442-39A](#). Ang pagbabayad para sa mga impresyon ng tatak ng daliri ay dapat bayaran sa lokasyon ng negosyo ng vendor ng tatak ng daliri. Ang mga instruksiyong ito ay nagbibigay ng mga sumusunod na hakbang na kukumpletuhin

BULLETIN NG IMPORMASYON NG KANDIDATO PARA SA MGA EXAMINEE NG LISENSYA SA INSURANCE NG CALIFORNIA

ng mga aplikante ng lisensya:

1. Kumpletuhin ang bahagi ng impormasyon ng aplikante sa Kahilingan para sa form ng Serbisyo ng Live Scan, [bcia 8016](#), na available sa website ng CDI sa: <http://www.insurance.ca.gov/>. Sa Pangunahing Pahina, sa kahon ng Paghahanap na matatagpuan sa kanang bahagi ng screen, ilagay ang numero ng form upang makuha ang form.
2. Magtago ng kopya ng form ng Live Scan para sa mga rekord ng examinee. Dalhin ang nakumpletong form na [BCIA 8016](#) sa isang awtorisadong vendor ng Live Scan ng DOJ.

Ibigay ang kopya ng form sa vendor ng Live Scan, na magbibigay sa iyo ng numero ng Awtomatikong Tanda ng Transaksiyon (ATI) na itinalaga sa iyong mga impresyon ng tatak ng daliri. Kung ang iyong mga impresyon ng tatak ng daliri ay tinanggihan, bibigyang-daan ka ng numero ng ATI na gawing muli ang iyong mga impresyon ng tatak ng daliri nang walang bayad sa kondisyon na bumalik ka sa parehong vendor ng Live Scan na unang kumuha ng inyong mga tatak ng daliri.

Pagkuha ng Tatak ng Daliri sa Site ng Pagsusulit ng CDI

Ang CDI ay may kinontratang vendor ng tatak ng daliri, Tumpak na Biometrics, na available sa sentro ng pagsusulit ng CDI upang tulungan ang mga aplikante ng lisensya sa insurance ng California sa pagkumpleto ng kanilang kinakailangan sa impresyon ng tatak ng daliri.

Ang mga examinee ay kailangang magbayad ng bayad sa daliri (\$59.00), na sasakop sa mga sumusunod na serbisyo: Bayad sa pagproseso ng FBI, bayad sa pagproseso ng DOJ, at isang karagdagang "rolling fee" na sisingilin ng Accurate Biometrics. Ang \$59.00 na bayad ay direktang ibabayad sa Accurate Biometrics: (866) 361-9944 or www.accuratebiometrics.com. Tumatanggap sila ng VISA, MasterCard, American Express o JCB Credit Cards. Tinatanggap din ang mga Kupon at Voucher.

Tandaan: Ang mga resulta ng tatak ng daliri mula sa DOJ at FBI para sa mga aplikante ng lisensya na may kriminal na rekord ay karaniwang mas tumatagal. Pakitandaan na ang anumang uri ng kriminal na paglabag na sisingilin anumang oras sa mga taong nasa hustong gulang ay ililista sa mga resulta ng tatak ng daliri. Ang pagkabigong isiwalat ang anumang mga kriminal na paglabag sa aplikasyon ng lisensya ay maaaring magdulot ng pagkaantala o pumigil sa aplikante sa pagkuha ng lisensya sa insurance.